# Dagdag na COVID-19 testing centers, binuksan sa QC

Mayroon na ring mga bagong testing centers sa lahat ng anim na distrito sa Quezon City para ma-accomodate ang mga residenteng nagpapakita ng sintomas ng COVID-19 sa ibat -ibang panig ng lungsod.

"We are opening more testing centers located in different districts so that we can accommodate and identify more residents who might have COVID-19," pahayag ni QC Mayor Joy Belmonte.

Kahapon, binuksan na ang sariling testing centers sa Districts 4, 5, at 6.

Ang testing center sa District 5 ay matatagpuan sa SB Park Novaliches habang ang sa District 6 ay nasa University of the Philippines' Asian Institute of Tourism na nasa kahabaan ng Commonwealth Avenue.

Ang unang community-based testing center na pinasinayaan noong nagdaang Linggo sa Quezon City Experience (QCX), Quezon Memorial Circle (QMC) ay para sa mga residente ng District 4.

Ngayong Martes naman ay bubuksan na rin ang sariling testing centers sa Districts 1, 2 at 3.

Ang naturang mga testing centers ay kumpleto sa swab booths at may target na 50 test per day kasama na ang blood testing at x-ray examination. Ang testing centers ay nasa pangangasiwa ng barangay health centers habang ang district health officers ang mangangasiwa at magsusupervise sa mga booths.

Nais ng QC government na makapagsagawa ng may 1,800 hanggang 2,000 swab tests per week kasama na yung mula sa mga local government hospitals tulad ng Quezon City General Hospital, Rosario Maclang Bautista General Hospital at Novaliches District Hospital at ng Quezon City Epidemiology and Surveillance Unit (QCESU) sa kanilang contact tracing.

Ang mga specimens na makakalap ng mga pasilidad ay ilalagak sa partner hospitals tulad ng Lung Center of the Philippines at St. Luke's Medical Center-Quezon City para sa pagsusuri.

Ngayong linggong ito, magsisimula na rin ang partnership ng QC government at Philippine Red Cross na target makapagsagawa ng 1,500 tests kada araw. *(Angie dela Cruz)*